Ebanghelyo ayon kay Mateo 17 : 14 - 20

Isang lalaki ang lumapit kay Hesus at lumuhod sa Kanyang harapan at nagwika: *“Panginoon, mahabag ka sa aking anak na may “epilepsy” at lubhang nahihirapan. Madalas siyang mahulog sa apoy at kung minsan naman ay sa tubig. Dinala ko po siya sa Iyong mga disipulo ngunit hindi nila napagaling ang aking anak.”* Sinabi ni Hesus, “Dalhin ang bata sa Akin.” Inutusan ni Hesus ang demonyong nasa loob ng bata at ito’y umalis, at ang bata ay gumaling kaagad. Makailang sandali nagtanong ang Kanyang disipulo, “Bakit hindi namin mapalayas ang demonyo?” Sumagot si Hesus, “Sapagkat napakaliit ng inyong pananampalataya.”